**Plant Doctor**

Ang Plant Doctor ay isang website na nagbibigay sa mga breeders, mananaliksik, field technicians, at mga magsasaka ng quick diagnostic guide sa mga pinakakaraniwang sakit ng gulay.

Sa tulong ng Plant Doctor, madaling malalaman ng mga magsasaka kung ano ang sakit ng kanilang mga tanim. Malalaman rin nila kung paano ito bibigyan ng lunas.

**SPIDTECH**

Ang Smarter Pest Identification Technology (SPIDTECH) ay isang app na ginagamit para sa digital pest and disease identification. Nagbibigay ito ng mas mabilis na paraan ng pagsubaybay ng peste sa iba't ibang lugar sa Pilipinas para sa iba't ibang industriya ng agrikultura.

**PRIME**

Ang Pest Risk Identification and Management (PRIME) ay isang proyekto na naglalayong unawain ang mga risk factors ng pests outbreaks at alamin ang mga angkop na estratehiya upang maiwasan ang pagkawala ng ani.

DA-ATI BICOL

Smart

**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**
**Regional Training Center V (Bicol)**
Diversion Road, San Agustin, Pili, Camarines Sur
Telefax No. (054) 477-1579/884-5868

Produced by INFORMATION SERVICES SECTION

ATI Bicol @ati_bicol @BicolAti rtc5_dcc@ati.da.gov.ph



# DIGITAL FARMERS PROGRAM

## WHAT

The program is adopted from ATI and Smart Communication's Digital Farmers Program, an ICT-based ladderized or progressive, step-by-step capacity development program which focuses from basic digital tools such as social media to more complex services such as ecommerce and online payment systems.

## WHO

**Digital Farmers Program** (DFP) is for farmers, farmer-beneficiaries of Farm Schools, and youths who are interested to go into agriculture.

## WHY

DFP aims to help farmers access information to make better farming decisions, improve efficiencies & skills using digital technologies, expand and tap a wide network of market opportunities, increase resiliency, and enhance their livelihood.

## WHERE

DFP is rolled out nationwide with the collaboration of the DA-ATI, TESDA, and Farm Schools.

The DFP module served as template for the Digital Agriculture Course (DAC). The DAC promotes mobile phone applications and tools such as the Rice Crop Manager (RCM), agriDOC, Binhing Palay, Rice Doctor and Pinoy Rice Knowledge Bank, among others.

## KNOWLEDGE RESOURCES



INFORMATION PORTAL

### Pinoy Rice Knowledge Bank

Isang one-stop information online portal na naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa rice production. Karamihan sa mga users ng website na ito ay nagdadownload ng mga PDF at videos tungkol sa rice.



E-LEARNING WEBSITE

### eExtension Program

Itong website ay isang bahagi ng proyekto ng e-Extension Program ng DA-ATI. Nais nitong turuan ang mga farmers, extension workers, students, and agriculture enthusiasts ng mga best practices at i-update sila sa mga bagong teknolohiya tungkol sa agrikultura.

## AGRICULTURAL APPS

**Binhing Palay**

Ang Binhing Palay ay isang mobile app na nagsisilbing talaan o listahan ng mga nailabas na barayti ng palay sa Pilipinas.

Makikita rito ang iba't-ibang impormasyon ukol sa mga barayti ng palay na magagamit ng mga magsasaka, seed growers, extension workers, researchers, at mga estudyante.

**LCC**

Ang Leaf Color Computing App o LCC App ay isang mobile app na ginagamit upang matukoy ang tamang dami at tamang oras o panahon ng paglalagay ng nitrohenong pataba sa iyong palayan.

Sa pamamagitan ng camera ng isang smartphone, makakakuha ng litrato ng dahon ng palay na susuriin ng LCC app upang makapagbigay ng tamang rekomendasyon sa paglalagay ng nitrohenong pataba.

**MOET**

Ang Minus One Element Technique (MOET) app ay isang mobile app kung saan pwedeng kalkulahin ng magsasaka ang angkop na bilang ng field fertilizer na pwede niyang gamitin sa kanyang palayan. Pwede ring makatulong ang MOET app na hulaan ang rice yield ng iyong fertilization plan.

**RCMAS**

Ang Rice Crop Manager Advisory Service o RCMAS ay isang website upang makakuha ng field-specific na impormasyon sa pamamahala ng pananim at nutrients upang tumaas at ani at income ng magsasaka.

**e-Damuhan**

Ang e-Damuhan ay isang mobile app na ginawa upang bigyan ang mga magsasaka ng impormasyon ukol sa mga damo na makikita sa palayan. Pwedeng kunan ng litrato ang damo gamit ang app at ipinapakita nito kung anong klaseng damo ito, at kung paano ito makokontrol.

**AgriDOC**

Ang AgRiDOC App ay isang farm management app na tumutulong sa mga magsasaka at mga agriculture extension workers na i-monitor ang kanilang mga pananim.

